

Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang 5

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagawang kakayahan, pamaraan, at kaisipan sa antas na baitang na nakasaad sa ipinatutupad na mga pamantayan ng California.

Ang mga marka sa bawâ't panahon ng pag-ulat ay tumutukoy sa pagsulong ng mag-aaral tungo sa mga inaasahan.

Ang Magagawa sa English Language Arts

Pagbasa:

Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (Uses knowledge of literary elements (pakikitungo/pagsagot/pag-udyok ng tauhan, tema), balangkas ng salaysay (ipinaliliwanag papaanong ang maraming yugto, tagpuan, o mga talata ay nagkakasiya lahat upang magkaloob ng pangkalahatang balangkas), wikang panitikan (matalinghagang wika), gawa ng maykatha (pananaw ng nagsasalaysay) upang mag-isip, magsalita, at magsulat tungkol sa katibayang batay sa kahulugan ng mga talata.
- Naghahambing at sumasalungat sa dalawa o higit na mga tauhan, tagpuan, o pangyayari sa buong talata sa loob ng kaurian.
- Bumabasa ng mahabang masalimuot na mga talata nang nag-iisa at buong husay kabilang ang mga kuwento, drama, at tula.

Talatang Nagbibigay-Kaalaman

- Gumagamit ng karunungan mga katangian ng talatang nagbibigay-kaalaman (diagrams, glossaries, indexes), kasangkapang nagsasaliksik (electronic menus), at gawa ng maykatha (pangangatuwiran at katibayan) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa katibayang batay sa kahulugan ng mga talata.
- Nagbabasa ng maraming masalimuot na mga talata/format nang nag-iisa at buong husay kabilang ang history/social studies, science, digital, at mga talatang teknikal.

Pagsulat: Pira-pirasong Kuro-kuro, mga Talatang Nagbibigay-alam/Nagpapaliwanag, at mga Salaysayin

- Sumusulat ng maayos, mahusay, at may katuwirang mga talata na nararapat sa gawain, layunin, at tagapakinig.
- Bumubuo at nagpapalakas sa pagsulat sa pamamagitan ng pagplano/pagsaliksik, pagbabago, pagpalit, at paglathala.

Pagsalita at Pakikinig

- Naghahanda para at sumasali sa pinagtutulungang pag-uusap upang palawakin at gumawa ng kahulugan ng mga talata, kaisipan, at kaalaman ng tagpuan at ang maraming magkakasama.
- Gumagamit ng mga salita ng buong husay at nararapat upang bigyang buod, ipaliwanag at suriin ang anumang makatuwirang alamat sa mga kaisipan at kaalaman mula sa magkakaibang medya at format.
- Gumagamit ng salita ng buong husay at nararapat upang ipahayag ang isang kuro-kurong pagsasalita at bumigkas ng tula o isang bahagi ng talumpati o kasulatang makasaysayan.

Wika

- Gumagamit na nararapat sa baitang na balarilang Standard English (mga pangatnig, pang-ukol, pandamdang), mga pamantayan (tamang pagbigkas, pagbaybay), at pag-aaral ng wika upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita.
- Kinikilala ang kahulugan ng hindi kilala at maraming kahulugan ng mga salitang ginagamit sa maraming mga pamaraan (nilalaman, panlaping Greek at Latin, at mga sangguniang kagamitan).

Pinagbabatayang Kakayahan

- Gumagamit ng mga kakayahang magsuri ng salita ng tama at buong husay (morphology, pagpantig) upang bumasa ng talata sa antas na baitang nang tama at buong husay.
- **Pinagbabatayang Kakayahan- Spanish**

Gumagamit ng mga kakayahang magsuri ng salita ng tama at buong husay (morphology, pagpantig) upang bumasa ng talata sa antas na baitang nang tama at buong husay. Nauunawaan kung kailan ginagamit ang isinulat na pagbigkas.

Ang Magagawa sa Mathematics

Pagsasagawa at Kaisipang Algebra

- Sumusulat ng pagpapahayag ng bilang at nagbibigay kahulugan at nagtatasa ng mga pahayag na may panaklong.
- Nagpapahayag ng buong numerong kulang sa 50 bilang produkto ng kaniyang prime factors.
- Nagpapahayag ng dalawang numerical patterns sa paggamit ng dalawang tuntunin at kinikilala ang kaugnayan ng corresponding terms.

Numero at Pagsasagawa sa Batayang Sampu

- Kinikilala na sa isang multi-digit number, ang digit one place ay nangangahulugang 10 beses karami ng kinakatawan ng lugar sa kaliwa.
- Ipinaliliwanag ang pattern sa numerong zero ng product sa pag-multiply ng numero sa power of 10 at gumagamit ng buong numerong exponent na magbibigay ng power of 10.
- Nagbabasa, nagsusulat at naghahambing ng decimal sa thousandths place; iniro-round ang decimals kahit anong lugar.
- Mahusay na nag-multiply ng multi-digit numbers; humahanap ng whole-number quotients hanggang four-digit dividends at two-digit divisors.
- Nagdaragdag, nagbabawas, nagmu-multiply, at nagdi-divide ng decimal hanggang hundredth at ipinaliliwanag ang katuwiran.

Numero at Pagsasagawa – Fraction

- Lumulutas ng tunay na word problems na kinasasangkutan ng four operations of fractions.
- Binibigyang kahulugan ang isang fraction bilang division ng numerator by a denominator at naglulutas ng mga problemang kinasasangkutan ng division of fractions.
- Nagmu-multiply ng fraction sa whole number at binibigyang kahulutang ang multiplication multiplication bilang scaling o resizing.

Sukat at Datos

- Ginagawa ang mga magkakaibang-laki ng yunit ng sukat sa loob ng isang sistemang panukat
- Gumagawa ng line plot upang ipakita ang isang data set at gumagamit ng operasyon ng fraction upang lumutas ng problemang kinasasangkutan ng kaalamang ipinakita.
- Kinikilala ang laki bilang katangian ng mga buong bagay at sinusukat sa pagbilang ng unit cubes at iniugnay ang laki sa pagsasagawa ng multiplication at addition at paglutas ng mga problema.

Geometry

- Naglalarawan ng tunay na problema ng mundo at mathematics sa pagbuo ng graphing points sa 1st quadrant.
- Inilalarawan ang two-dimensional figures sa isang hierarchy batay sa mga katangian.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics

1. Gumagawa ng kaisipang mga problemang pangungusap at sinisikap na lutasin ang mga ito.
2. Pinag-iisipan at mahusay na nangangatuwiran.
3. Gumagawa ng makatuwirang pagtatalunan at binabatikos ang katuwiran ng kapuwa.
4. Bumubuo ng huwaran sa mathematics.
5. Gumagamit ng nararapat na kasangkapan sa tamang pamaraan.
6. Nakikinig sa tama.
7. Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Naghahanap at nagpapahayag ng karaniwang inuulit na pangangatuwiran.

Ang Magagawa sa History/Social Science

- Naglalarawan kung papaanong ang geography at klima iniimpluwensiya kung papaanong ang maraming bansa ay nabuhay at ipinaliliwanag ang maraming kabuhayan at sistema ng pamahalaan. Ang rota ng mga unang nagalugad at ang pangalugad sa Amerika ay kailangang matunton at mahanap sa mga mapa.
- Naglalarawan ng pagtutulungan at labanan na nangyari sa mga American Indians at sa mga Indian nations at ang mga unang nanirahan.
- Nauunawaan ang mga institusyong politiko, relihiyon, panlipunan at kabuhayang nangyari sa panahong kolonyal. Kabilang ang mga dahilan at nangyari sa American Revolution.
- Inilalarawan ang mga tao at mga pangyayaring may kinalaman sa pagbuo ng Saligang-Batas ng Amerika at nakikilala ang kahalagahan ng Saligang-Batas bilang pundasyon ng Republika ng Amerika.

Ang Magagawa sa Agham (Science)**Physical Sciences**

- Alam ang tig-isang katiting (atom) at ang kanilang magkakaibang kombinasyon, binubuo ng maraming uri ng bagay sa mundo.

Life Sciences

- Nauunawaan na ang mga halaman at hayop ay may sistema ng paghinga, pagtunaw ng pagkain, at paglabas ng dumi.

Earth Sciences

- Naglalarawan kung papaanong ang tubig ay dumadaloy sa mga dagat at lupa sa pamamagitan ng evaporation at condensation.
- Alam na ang panahon ay dahilan sa galaw ng init at hangin.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugaliang Science and Engineering (na nakabalangkas sa Next Generation Science Standards) sa baw't antas na baitang:

1. Nagtatanong (sa agham) at nagbibigay kahulugan sa mga problema (sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng mga modelo.
3. Bumabalangkas at nagsasagawa ng pagsisiyasat.
4. Sumusuri at nagbibigay-kahulugan ng datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at nagko-compute.
6. Gumagawa ng pagpapaliwanag (sa agham) at bumabanghay ng mga kalutasan (sa engineering).
7. Sumasali sa pagtatalo mula sa katibayan.
8. Nagkakaroon, tumatasa, at nakikipag-ugnayan ng kalaman.

Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts**Sayaw, Tugtog, Teatro, Mga Sining sa Paningin**

- Sayaw: Nagpapamalas ng kaisahan, magkakaiba at pagsasalungat sa loob ng koreograpiya.
- Tugtog: Umaawit, naglalaro, at kumikilala ng mga elemento ng musika sa maraming estilo.
- Teatro: Gumagawa o sumusuri ng palabas.
- Mga Sining sa Paningin: Kumikilala ng pino, tradisyonal, at katutubong sining sa limang pook ng Estados Unidos.

Ang Magagawa sa Physical Education**Paggalaw at mga Huwaran**

- Lumilikha ng sayaw at galaw na kumukumpas sa tugtog.
- Nagpapamalas ng lalong mahusay at distansiya at maraming makakabuting kakayahan sa bukas na kapaligiran.
- Kinikilala ang tamang paraan para sa mga mahalagang makakabuting kakayahan (hal., tamang paghampas, maayos na pagsalo).

Physical Fitness

- Ginagawa ang malumanay tungo sa mabilis na gawain tatlo hanggang apat na beses sa isang linggo at tinutupad ang pinakamaliit na kailangan sa FITNESSGRAM.
- Inilalarawan ang mga elemento ng pampa-init at pampalamig; tinatantiya ang target na pintig ng puso at ang kahalagahan ng lakas at pakikibagay.

Ang Magagawa sa Kalusugan

- Pagbuo ng karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng pansariling responsibilidad para sa panghabang-buhay na kalusugan; paggalang para at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; ang pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; kaalamang paggamit ng mga kaalaman, produkto at paglilingkod na may kinalaman sa kalusugan.

Para sa English Learners: English Language Development (ELD)

- Umaasa ang mga English learners na maging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English bawa't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa pangkalahatang English language proficiency sa *katapusan ng kasalukuyang taon*, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.